



TAMANG SAGOT (TS)
Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth
Circular

Circular No.	2023-0018
Title	Outpatient Benefits Package for Mental Health

Tanong	Sagot
1. Ano ang Outpatient Benefits Package para sa Mental Health (MH)?	Ito ay benepisyo para sa mental health kasama ang assessment, follow-up na konsultasyon, at mga laboratoryo o diagnostic test. Kaakibat din nito ang pagbibigay ng psychoeducation o psychosocial support batay sa Mental Health Gap Action Programme (mhGAP) mula sa mga primary care physician, at kung kinakailangan ay mga kaukulang interbensyon mula sa mga espesyalista kagaya ng psychiatrist, neurologist o psychologist.
2. Anu-ano ang mga kondisyon na kabilang sa benepisyo ng outpatient benefits package para sa mental health?	Ang mga kondisyon na batay sa mhGAP na basehan ng benepisyo ng mental health package ay ang mga sumusunod: <ul style="list-style-type: none"> a. Depression b. Psychoses c. Epilepsy d. Child and Adolescent Mental and Behavioural Disorders e. Dementia f. Self-harm/Suicide
3. Magkano ang halaga ng mga benepisyo at ano ang mga serbisyong kasama ng mga ito?	Ang mga sumusunod ay ang halaga ng mga benepisyo at mga kasamang serbisyo: <ul style="list-style-type: none"> a. General Mental Health Services – Php9,000 kada taon. <ul style="list-style-type: none"> • Assessment sa primary care physician na may kasanayan sa mhGAP • Hanggang 12 na follow-up na konsultasyon • Laboratory at diagnostic test • Mga gamot mula sa mhMAP • Psychoeducation o psychosocial support. b. Specialty Mental Health Services – Php16,000 kada taon. <ul style="list-style-type: none"> • Assessment sa psychiatrist, neurologist o psychologist



TAMANG SAGOT (TS)
Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth
Circular

Circular No.	2023-0018
Title	Outpatient Benefits Package for Mental Health

	<ul style="list-style-type: none"> • 12 follow-up na konsultasyon • Laboratory at diagnostic test • Mga gamot mula sa mhMAP • Psychoeducation o psychosocial support at psychotherapy.
4. Sino ang maaaring makagamit ng mga benepisyo?	<p>Lahat ng Filipino. Kailangan lamang na rehistrado sa PhilHealth at sa MH Registry para sa agarang paggamit ng mga benepisyo.</p> <p>Ang psychiatric cases ay para sa mga pasyenteng edad 10 taong gulang pataas.</p> <p>Wala namang limitasyon sa edad para sa neurologic cases.</p>
5. Ano ang MH Registry?	<p>Ito ay listahan ng mga pasyenteng maaaring makagamit ng Outpatient Benefits Package para sa Mental Health.</p> <p>Ang electronic registry system ay bubuuin sa pakikipagtulungan sa iba pang ahensiya ng pamahalaan. Kapag nagkaroon na ng registry system, ito ay gagamitin ng PhilHealth upang magkaroon ng datos ng lahat ng benepisyaryo sa ilalim ng paketeng ito.</p> <p>Ang health facility ang mag-e-ernoll sa pasyente sa MH Registry at ibibigay sa PhilHealth Regional Office kapag magsusumite ng claims.</p>
6. Saan maaaring makipag-ugnayan kung nais ng pasyente na mag-enrol sa mental health benefits package?	<p>Ang pasyente ay maaaring pumunta sa pinakamalapit na accredited health facility sa kanilang lugar para sa mental health benefits package.</p> <p>Ang Mental Health Coordinator ng health facility ang gagabay sa pasyente, magbibigay ng tamang impormasyon, at makikipag-usap sa PhilHealth para sa mga kinakailangang dokumento para sa claims.</p>



TAMANG SAGOT (TS)
Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth
Circular

Circular No.	2023-0018
Title	Outpatient Benefits Package for Mental Health

<p>7. May babayaran pa ba ang isang miyembro kapag siya ay nasa ilalim ng programa ng mental health benefits?</p>	<p>Oo, kung ang pasyente ay nais magkaroon ng karagdagang serbisyo o kaya mag-upgrade ng mga serbisyo tulad ng additional na psychotherapy session.</p> <p>Magkakaroon ng karagdagang bayad ang pasyente matapos ibawas ang benepisyo ng PhilHealth. Ito ay dapat na maayos na naipaliwanag at napagkasunduan ng pasyente o legal guardian at ng kaniyang doktor bago magsimula ang pagbibigay ng serbisyo.</p> <p>Anumang karagdagang bayarin ng pasyente ay hindi dapat lalampas sa itinakdang benepisyo ng mental health package at ayon sa napagkasunduan ng ospital at PhilHealth na nakapaloob sa bawat kontrata.</p>
<p>8. Sino ang dapat mag-file ng claims sa PhilHealth para sa benepisyo ng mental health package?</p>	<p>Ang accredited health facility para sa mental health benefits package ay ang dapat magsumite ng claim ng pasyente sa PhilHealth kasama ang mga kinakailangang dokumento.</p> <p>Direktang ibabayad ng PhilHealth ang benepisyo sa accredited health facility.</p>
<p>9. Paano maging isang PhilHealth Accredited Health Facility para sa outpatient benefits package para sa mental health?</p>	<p>Ang pasilidad ay dapat makipagkontrata sa PhilHealth batay sa itinakdang panuntunan ng Korporasyon.</p> <p>Para sa General Mental Health Service Package, maaaring maging accredited health facility ang mga sumusunod na pasilidad:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Rural Health Units 2. City/Municipal Health Offices 3. Levels 1 at 2 hospitals 4. DOH Medicine Access Program - Mental Health Access Sites 5. Freestanding facilities at iba pang health facilities <p>Dapat ay mayroong mga trained family medicine, internal medicine, general practitioners, at pediatrician kasama ang MHOs base sa mhGAP.</p>



TAMANG SAGOT (TS)
Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth
Circular

Circular No.	2023-0018
Title	Outpatient Benefits Package for Mental Health

Para sa Specialty Mental Health Service Package, maaaring maging accredited health facility ang mga sumusunod na pasilidad:

1. Level 3 hospitals at Level 2 hospitals na mayroong psychiatrists, neurologists at psychologists at Custodial care facilities.
2. DOH identified national specialty centers para sa mental health.

Nakasaad sa bawat kontrata ang napagkasunduang halaga na maaaring bayaran ng isang pasyente na hindi dapat lalagpas sa benepisyo ng mental health benefits package sakaling may karagdagang babayaran.

Maaaring makipag-ugnayan ang pamunuan ng pasilidad o pagamutan sa PhilHealth Regional Offices na nakakasakop sa kanilang pasilidad para sa mga kinakailangang dokumento at karagdagang impormasyon.